DocuSign Envelope ID: A10C12C0-E73D-47F2-902D-A2F8CEF5871C

**RESOLUSYON BLG. _____**

**RESOLUSYON NG KONSEHO NG LUNGSOD NG GLENDALE, CALIFORNIA, NA NAGPAPALAWIG SA NAUNANG RESOLUSYON NA NAGPAPATUPAD NG PAMPUBLIKONG KAUTUSAN SA PAGSUSUOT NG TAKIP SA MUKHA SA ILALIM NG EMERHENSIYANG AWTORIDAD NG LUNGSOD NG GLENDALE TUNGKOL SA COVID-19; AT PARA SA IBA PANG KAUGNAY AT NAAAYON SA BATAS NA MGA LAYUNIN**

**Samantalang,** ang internasyonal, nasyonal, estado, at lokal na pangkalusugan at mga pampamahalaang awtoridad ay tumutugon sa paglaganap ng sakit sa paghinga na sanhi ng Coronavirus Disease 2019 (COVID -19), isang malubhang sakit sa paghinga sanhi ng isang bagong coronavirus. Ang sintomas ng virus ay may kasamang lagnat, ubo, at kakapusan sa paghinga, at ang mga nahawaang mga tao ay nakakaranas ng iba'-ibang pakiramdam, mula sa banayad na sakit hanggang sa malubhang karamdaman at kamatayan; at

**Samantalang**, noong Marso 4, 2020, ang Gobernador ng Estado ng California ay nag-deklara ng "state of emergency" upang makapaglagay ng mga karagdagang resources, ipagtibay ang mga aksyong pang-emerhensiya na isinasaayos sa maraming mga ahensya at kagawaran ng estado, at tulungan ang Estado na maghanda para sa mas malawakang pagkalat ng COVID-19, at

**Samantalang**, noong Marso 4, 2020, ang Board of Supervisors ng Los Angeles County at ng Department of Public Health ay nagdeklara ng lokal at pampublikong emerhensiyang pangkalusugan bilang tugon sa pagtaas ng pagkalat ng coronavirus sa buong bansa; at

**Samantalang,** noong Marso 13, 2020, idineklara ng Pangulo ng Estados Unidos ng Amerika ang isang pambansang emerhensiya at ipinahayag na ang pamahalaang pederal ay gagawa ng pondong pang-emerhensiya upang matulungan ang estado at ang mga lokal na pamahalaan sa pagpigil sa pagkalat at pagtugon sa mga epekto ng COVID-19; at

**Samantalang,** noong Marso 16, 2020, ang Konseho ng Lungsod ng Glendale, alinsunod sa Municipal Code Chapter 2.84, ay nagdeklara ng pagkakaroon ng lokal na emerhensiya at nag-utos ng pagsasara at limitasyon sa paggamit ng ilang pampublikong establisimyento; at

**Samantalang,** ang mga pagsisikap na ginagawa ng mga mamamayan ng Estado ng California, ng County ng Los Angeles at ng Lungsod ng Glendale sa nakalipas na ilang buwan upang masugpo ang pagkalat ng coronavirus ay nagkamit ng sapat na tagumpay kung kaya ang Health Officer ng County ay patuloy na nagpapahintulot ng maingat, marahang pagbubukas muli ng mga negosyo at gawaing panlipunan at iba pang mga aktibidad; at

**Samantalang,** habang idinaragdag ng Lungsod ang mga bahagi at tuntunin sa muling pagbubukas, ang mga tao ay magkakaroon na ng mas malawig na interaksiyon, na nagtataas sa panganib ng pagkakahawa-hawa ng virus, tayo, bilang isang lipunan, ay magkakaroon ng pinakamabuting proteksiyon kung tuloy nating tutuparing magsuot ng takip sa mukha habang nagpapanumbalik ng interaksiyon**;** at

**Samantalang**, ayon sa malaking ebidensiyang siyentipiko, pinatutunayang ang pisikal na paglalayu-layo kalakip ng iba pang hakbang pangkalusugan at pangkaligtasan tulad ng paghuhugas ng kamay at regular na pagdidisinpek ng mga bagay at surfaces, pagsusuot ng takip sa mukha, ay makapangyayari na magsagawa ng mga karagdagang mga aktibidad sa ligtas na paraan, at tayo, bilang isang komunidad, ay nararapat na magsagawa ng mga hakbang na magpoprotekta sa lahat ng nasa ating paligid. Sa

DocuSign Envelope ID: A10C12C0-E73D-47F2-902D-A2F8CEF5871C

pamamagitan nito, hindi lamang natin pinoprotektahan ang ating kapwa sa komunidad kundi maging ang ating mga sarili at mga mahal sa buhay, lalo na ang mga mahihina dahil sa gulang o kondisyong pangkalusugan; at

**Samantalang,** sa pagseseguro ng ang mga tao ay pangkalahatang gumagamit ng takip sa mukha kapag nasa pampublikong lugar, mas maayos na maipagpapatuloy ng Lungsod ang pagbubukas muli ng mga negosyo at pagpapanumbalik ng mga gawain at aktibidad sa ligtas na paraan para sa ikabubuti ng lahat, at dahil dito, ang Pampublikong Kautusan ukol sa Takip sa Mukha ay inaamenda upang tumugon sa mga pagbabago dahil sa karagadang mga aktibidad.

**IPINAGTITIBAY NG KONSEHO NG LUNGSOD NG GLENDALE** na:

SEKSIYON 1. Ang Kautusang ito ay magiging epektibo mula 11:59 p.m. ng Hunyo 3, 2020, at tuloy na ipatutupad hanggang Hunyo 30, 2020, at inaamendahan at pinapalitan nito ang Resolusyon Blg. 20- 55.

A. Para sa Kautusang ito, ang “Takip sa Mukha” (“Face Covering”) ay nangangahulugan ng takip na gawa sa tela, o anumang materyales na malambot at mailallapat sa gamit, walang butas, na tatakip sa ilong, bibig at ibabang bahagi ng mukha. Ang takip na makatatakip sa mata o noo ay hindi itinuturing na Face Covering. Mga halimbawa ay scarf o bandana; gaiter o ballot sa leeg; homemade na takip na gawa mula sa t-shirt, sweatshirt, o tuwalya, na ikinakabit gamit ang lastiko o katulad nito; o maskarang hindi pang-medikong kwalidad. Ang Takip sa Mukha ay maaaring gawa sa factory, o maaaring sariling ginawa mula sa ordinaryong gamit sa bahay. Ang takip sa Mukha ay dapat na komportable upang makahinga sa ilong ang gumagamit at hindi kailangang palaging i-adjust upang maiwasan ang paghawak sa mukha. Para sa mga takip sa mukha na hindi itinatapon kada gamit, dapat silang regular na linisin kada gamit, dapat na madalas silang linisin at magkaroon ng isa pang extrang takip sa mukha upang laging mayroon malinis na handang magamit. Ang impormasyon tungkol sa tamang paglilinis ng takip sa mukha ay matutunghayan sa CDC sa https://www.cdc.gov/coronavirus/2019- ncov/prevent-getting- sick/how-to-wash-cloth-face-coverings.html.

Kung may kakulangan sa supply ng mga maskarang pang-mediko tulad ng N95 at surgical masks, ang publiko ay hindi nararapat bumili ng mga ito upang gamiting takip sa mukha sa ilalim nga Kautusang ito; ang mga pang-medikong masks ay nakareserba para sa mga health care provider at mga first responder.

Anumang mask na mayroong one-way na tubo o valve (kalimitan ay nakataas na plastic cylinder na sinlaki ng isang bente-singko sa harap o gilid ng mask) na idinisenyo upang madali ang paglabas ng hininga, na nakapaglalabas rin ng droplets mula sa mask, na naglalagay ng iba sa panganib. Dahil dito, ang ganitong mga mask ay hindi pinahihintulutan sa ilalim ng Kautusang ito.

Isang video showing kung paano gumawa ng takip sa mukha at karagdagang impormasyon kung paano magsuot at maglinis nito ay matatagpuan sa CDC website, sa https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/prevent-getting-sick/diy-cloth-face- coverings.html.

B. Ang bawat tao sa Lungsod ay dapat magsuot ng takip sa mukha kapag nasa labas ng sariling tirahan sa lahat ng pagkakataon maliban sa/ang mga sumusunod:

DocuSign Envelope ID: A10C12C0-E73D-47F2-902D-A2F8CEF5871C

1. Mga batang wala pa o hanggang 2 taong gulang (kasama ang mga sanggol) ay hindi dapat magsuot ng takip sa mukha. Yaong mga nasa gulang na 2 hanggang 8 ay gagamit nito sa ilalim ng adult supervision upang masegurong sila ay makakahinga. Ang mga batang may problema sa paghinga ay hindi dapat magsuot ng takip sa mukha. Sinumang may disabilidad, nagsasagawa ng aktibidad na hindi sakop ng kautusang magsuot ng takip sa mukha ay pahihintulutan kung susunod sila sa social distancing at sa lahat ng direktiba ng pamahalaan at mga protokol ng Los Angeles County Public Health, na maaaring i- download sa: http://www.lapublichealth.org/media/Coronavirus/docs/HOO/HO_Order_COVID-19_Safer_at_Work_and_in_the_Community_05292020_FINAL_WithAppendices.pdf. Para sa mga kaugnay na negosyo, (i) ang mga paunawa tungkol sa protokol ay dapat ipaskil sa o malapit sa pasukan ng pasilidad upang madaling makita ng publiko at ng mga empleyado; at (ii) ang kopya ng mga protokol ay dapat na ibigay sa bawat empleyadong nagtatrabaho sa pasilidad; at (iii) ang negosyo ay dapat magbigay ng patunay, kapag hiningian ng sinumang awtoridad, ng pagpapasunod ng mga protokol sa ilalim ng Kautusang ito.

2. Hindi kailangang magsuot ng takip sa mukha ang isang tao kapag (i) nag-iisa o ang kasama ay mga kasambahay lamang o kasama sa iisang lugar na sarado, na maaring sa trabaho kung, (ii) wala nang ibang kasama sa loob ng 6 na pulgadang distansiya, at (iii) iba pa, maging ka-trabaho, kostumer, mga manggagawa sa building, o miyembro ng publiko, na hindi umookupa ng iisang lugar na hindi tatagal sa konting minutong pananatili sa susunod na ilang araw. Ang takip sa mukha ay dapat isuot ng isang taong nagtatrabaho o nagsasagawa ng aktibidad kung saan ang iba pa ay lagiang naroroon, kahit pa ang gumagawa ay nag-iisa sa pagkakataong yaon, dahil sa panganib na makontamina ang lugar na maaaring mahawakan ng iba pang gagamit. Bilang halimbawa, na walang limitasyon, ang takip sa mukha ay dapat isuot ng isang taong gumagamit ng parehong desk o opisina ng katrabaho sa salit na iskedyul o sa lugar kung saan ang lahat ay gumagamit ng lugar o ekwipment tulad ng mga tools, mga supplies, copiers o computers. Dapat ding gumamit ng takip sa mukha ang mga tubero, mga guro, care assistant, or tagalinis ng bahay o gusali na pumupunta sa bahay o tirahan ng iba upang magtrabaho, at ang sinumang naninirahan doon ay dapat magsuot ng takip sa mukha kapag malapit sa bisita.

   Hindi kailangang magsuot ng takip sa mukha kapag mag-isa ang tao sa pribadong opisina o lugar na hindi ginagamit ng iba at malamang na hindi bisitahin ng iba nang walang pasabi, ngunit kung ang isang tao ay pumasok sa kalapit na lugar at mananatiling malapit doon, pareho silang dapat

magsuot ng takip sa mukhahabang may interaskyon. At sinumang naghahanda ng pagkain o iba pang bagay na ibebenta o ibabahagi sa iba ay dapat magsuot ng takip sa mukha sa lahat ng pagkakataon kahit na mag-isa sila habang ginagawa ito.

3. Hindi kailangang magsuot ng takip sa mukha ang nag-iisang tao sa loob ng sasakyan o kung eksklusibong ang kasama ay mga kasambahay, maliban kung kailangang ibaba ang bintana ng sasakyan upang makipag-usap sa first responders, food service workers o iba pang hindi miyembro ng sambahayan.

4. Hindi kailangang magsuot ng takip sa mukha ang isang tao kapag naipakitang ang pagsusuot nito ay magdadala ng panganib sa kanya kaugnay ng kanyang trabaho na napag-alaman na ayon sa mga regulasyong pang lokal, pang-estado o pederal at mga tuntuning pangkaligtasan. Hindi rin dapat gumamit ng takip sa mukha ang sinumang may hirap na paghinga o walang malay o may disabilidad o walang kakayanang magtanggal ng takip sa mukha nang walang tulong. Hindi rin kailang magsuot ng takip sa mukha kapag, habang nagtatrabaho sa labas o outdoor, ay magdadala ng panganib dahil sa ang trabaho ay mabigat na gawaing pisikal, tulad ng pagtayo at paglalakad sa malaking bahagi ng araw ng trabaho, at maaaring magpanatili ng 6 na pulgadang layo sa lugar ng trabaho mula sa publiko at sa kapwa ka-trabaho.

5. Hindi kailangang magsuot ng takip sa mukha kapag nasa outdoor na mag-isa o ang kasama ay mga kasambahay at may nakikita at handang gamiting takip sa mukha ( maaaring isabit sa leeg) at walang iba (maliban sa mga kasambahay) na nasa lugar sa loob ng 30 pulgadang (10 yarda) distansiya mula sa kanila. Inirerekomenda sa mga taong naniniirahan sa isang bahay na magsuot ng takip sa mukha kapag nasa labas, kahit walang ibang katabi, kapag maaaring may biglang dumating anumang oras nang walang pasabi. Bilang batayan, ang layong 30 pulgada ay ang sukat ng dalawang magkasunod na kotse. Kapag magkakasalubong ang mga tao, dapat silang magsuot ng takip sa mukha kapag ang distansiya ay mababa sa 30 pulgada. Ang 30-foot na regulasyong ito ay nalalapat maging sa mga taong nasa sidewalk, sa park, sa trail o kahit saang outdoor na lugar, at maging ito ay habang naglalakad, tumatakbo, namimisikleta, nag-eehersisyo, nakatayo o nasa sasakyan na maaring motorsiklo, skateboard, moped, o scooter. Ang 30 pulgada (10 yarda) distansiya ay gagamitin upang bigyan ng sapat na oras ang mga tao na maglagay ng takip sa mukha bago mapalapit nang mababa sa sukat na ito mula sa isa't isa, na maglalagay sa kanila sa panganib ng transmisyon ng virus. Habang pinahihintulutuan ang mas maraming aktibidad, mas maraming tao ang malalapit sa isa't isa na walang pasabi, kaya magiging mahalaga ang pagsusuot ng takip sa mukha kapag mayroong distansiyang 30 pulgada mula sa

DocuSign Envelope ID: A10C12C0-E73D-47F2-902D-A2F8CEF5871C

isa't isa.

6. Hindi kailangang magsuot ng takip sa mukha ang isang tao kapag (i) mag-isa o kasama ng mga kasambahay lamang, (ii) sila ay kumakain o umiinom, maging indoor o outdoor, at (iii) walang iba sa loob ng 6 na pulgadang layo. Kung kaugnay ng mga food service tulad ng restawran, ang mga batayan o tuntunin ng estado o sa hiwalay na kautusan o direktiba ng Health Officer ay dapat sundin at maaaring magpatupad ng pagsusuot ng takip sa mukha sa mga nagsisilbi ng pagkain.

7. Ang mga first responder para sa pampublikong kaligtasan ay dapat magsuot ng pangproteksiyong takip sa mukha ayon sa batayan at tuntunin ng Centers for Disease Control at ipinag-uutos ng mga patakang pangdepartamento ng Lungsod ng Glendale.

C. Walang pakundangan sa mga eksepsiyong nakasaad sa itaas, ang takip sa mukha ay dapat at ipapatupad sa mga sumusunod:

1. Kailangang magsuot ng takip sa mukha ang isang taong pinagsabihang magsuot nito ng isang Health Officer o binigyan ng direktibang magsuot nito, kasama ang mga ipinatutupad ng ibang kautusan o direktiba na mas mahigpit pa sa Kautusang ito.

2. Kailangnang magsuot ng takip sa mukha ang isang tao kapag nagtatrabaho sa lugar kung saan naghahanda ng pagkain o iba pang bagay na hinahawakan, ihinahanda at ipina-package upang ibenta o ibahagi sa iba. Ang requirement na ito ay hindi ilalapat kapag ang pagkaing ihinahanda ay para sa sariling sambahayan at sa mga miyembro nito.

3. Ang drayber o operator ng alinmang pampublikong sasakyan, paratransit, taxi, pribadong car service o sasakyang pang ride-sharing ay dapat magsuot ng takip sa mukha habang nagda-drive, nagpapatakbo, nakatayo o nakaupo sa nasabing sasakyan, dahil sa nararapat na pagsugpo sa droplets sa sasakyan sa lahat ng oras. Pinahihintulutan ang mga driver o operator na mag-alis ng takip sa mukha kapag nasa operator compartment sa terminal ng mga sasakyan, kapag nakatigil ang sasakyan, at walang pasaherong nakasakay dahil sa pisikal na layo ng operator compartment at mga protokol sa paglilinis ng mga driver.

D. Ang layunin ng Kautusang ito ay ang maseguro na ang lahat ng tao sa labas ng tinitirahan sa Lungsod ay pinahihintulutan ng Kautusang Safer-At-Home Order na magsuot ng takip sa mukha upang mabawasan ang posibilidad na mayroong makapanghawa o mahawa ng virus na COVID-19. Sa pamamagitan nito, ang Kautusang ito ay tutulong na makontrol ang epekto ng virus sa publiko at mapagaan ang epekto sa pagbibigay ng kritikal na serbisyong pangkalusugan sa mga nangangailangan. Ang lahat ng probisyon sa Kautusang ito ay dapat pakahulugan upang mabisang isakatuparan ang layunin nito.

DocuSign Envelope ID: A10C12C0-E73D-47F2-902D-A2F8CEF5871C

E. Dapat pahintulutan ng mga employers ang kanyang mga empleyado na maghugas ng kamay tuwing 30 minuto. Lahat ng mga ito ay dapat magbigay, sa kanilang sagot na gastusin, ng mga takip sa mukha na hindi pangmedikal na kwalidad. Dapat seguruhin ng mga employer na ang mga empleyado ay may handang magagamit na mga produktong panglinis.; o mga gamit pang-sanitize na kailangan upang magpanatili ng protokol sa malinis na kamay na inirekomenda ng Los Angeles County Department of Public Health, na gastos ng employer. Ang lahat ng empleyado ay dapat magpanatili ng mga hakbang sa social distancing sa mga kostumer, at kapwa empleyado sa layong anim na pulgada, hanggang maari. Ang lahat ng kostumer at bisita ay dapat magsuot ng takip sa mukha upang protektahan ang mga empleyado at kapwa kostumer. Maaring tanggihan ng may-ari ng negosyo o operator and sinumang hindi magsuot ng takip sa mukha na ipinapatupad ng Kautusan. Ang lahat din ng mga retail na negosyo ay hinihikayat na mag-install ng plexiglass upang ihiwalay ang cashier sa mga kostumer.

F. Upang maging protektado laban sa coronavirus at COVID-19, ang mga peace officer ay magpapatupad ng pagsusuot ng takip sa mukha ng mga indibidwal na dinedetain ayon sa batas. Kung ang indibidwal ay walang takip sa mukha, sila ay bibigyan ng officer.

SEKSIYON 2. Kung ang anumang probisyon ng kautusang ito o ang aplikasyon nito ay pinawalang bisa ng isang korte na may karampatang hurisdiksiyon, ang naturang pagpapawalang bisa ay hindi makakaapekto sa ibang probisyon, seksiyon, o aplikasyon ng kautusan o ang Resolusyong ito na maaaring bigyang bisa kahit na wala ang pinawalang bisang probisyon o aplikasyon, at sa puntong ito bawat kataga, seksiyon, pangungusap, o salita ay idineklarang maaaring tanggalin.

SEKSIYON 3. Ang anumang paglabag sa kautusang ito ay maaaring ipagbigay alam sa Opisina ng City Attorney para sa paglilitis ayon sa Municipal Code 1.20 ng Glendale na nagbibigay ng multa ng hindi hihigit sa $1,000.00 o pagkabilanggong hindi hihigit sa anim na buwan. Ang mga paglabag ay maaari ding ipatupad sa pamamagitan ng Municipal Code Chapter 1.24 ng Glendale, na nagbibigay, kasama ng ibang mekanismo ng pagpapatupad na inilatag dito, para sa multanga $400.00 para sa unang paglabag, $1,000.00 para sa pangalawang paglabag at $2,000.00 para sa pangatlong paglabag.

SEKSIYON 4. Ang kautusang ito ay hindi pumapalit sa ibang mas mahigpit na limitasyong ipinatupad ng Los Angeles County o ng Estado ng California.

DocuSign Envelope ID: A10C12C0-E73D-47F2-902D-A2F8CEF5871C

Pinagtibay ng Konseho ng Lungsod ng Glendale ngayong ikalawang araw ng Hunyo 2020.

Mayor

ATTEST:

Aram Adjemian

City Clerk

Michael J. Garcia

DocuSign Envelope ID: A10C12C0-E73D-47F2-902D-A2F8CEF5871C

STATE OF CALIFORNIA )
COUNTY OF LOS ANGELES ) SS.
CITY OF GLENDALE )

Ako si, Aram Adjemian, City Clerk ng Siyudad ng Glendale, ay nagbibigay kumpirmasyon dito na ang naunang Resolusyon Blg.______ay pinagtibay ng Konseho ng Siyudad ng Glendale, California, sa isang espesyal ng pagpupulong na ginanap noong pangalawang araw ng Hunyo 2020, at ito ay napagtibay sa pamamagitan ng sumusunod na boto:

Ayes:
Noes:
Absent:
Abstain:

Aram Adjemian
City Clerk

| APPROVED AS TO FORM |
| --- |
| NAME: Michael J. Garcia |
| TITLE: City Attorney |
| SIGNATURE: Michael J. Garcia |
| DATE: June 3, 2020 |